# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan ________________________________ Petsa __________________ Marka ___/20

## Pagtukoy ng aspekto ng pandiwa

*Panuto:* Tukuyin ang aspekto ng pandiwa na may salungguhit. Isulat sa patlang ang titik **A**, **B**, o **C** kung saan:

**A** = Aspektong Pangnagdaan/Naganap/Perpektibo;

**B** = Aspektong Pangkasalukuyan/Nagaganap/Imperpektibo; at

**C** = Aspektong Panghinaharap/Magaganap/Kontemplatibo.

---

______ 1. Ang mga magsasaka ay <u>nagtatanim</u> ng palay.

______ 2. <u>Hiniram</u> ni Emily ang aklat ko.

______ 3. <u>Maglalaro</u> kami ng *chess* mamayang hapon.

______ 4. <u>Iinom</u> ako ng gamot para gumaling ako.

______ 5. Si Ate Minda ang <u>naglinis</u> ng kusina.

______ 6. <u>Hinahatid</u> kami ni Kuya Ronnie sa paaralan tuwing may pasok.

______ 7. Ang mga bata ay <u>nanonood</u> ng *Ben 10* sa telebisyon.

______ 8. Sino ang <u>sumagot</u> ng telepono?

______ 9. May <u>naisip</u> ka na bang plano?

______ 10. Tahimik na <u>nagbabasa</u> ang mga mag-aaral.

______ 11. <u>Sinulat</u> ko sa papel ang mga dapat mong gawin.

______ 12. Si Tita Bea ang <u>gumawa</u> ng keyk na ito.

______ 13. <u>Kakain</u> pa ba kayo ng keyk?

______ 14. Si Helen ang <u>nag-aalaga</u> sa pusang iyan.

______ 15. Marami kaming lumang gamit na <u>ibebenta</u> sa *garage sale*.

______ 16. <u>Gagamit</u> ako ang diksiyonaryo para malaman ko ang kahulugan ng salitang iyon.

______ 17. Umiiyak ang bata dahil <u>nadapa</u> siya.

______ 18. <u>Napansin</u> mo ba ang takdang-aralin na nakasulat sa pisara?

______ 19. Umupo ka muna dahil <u>nagbibihis</u> pa si Eva.

______ 20. <u>Yayakapin</u> ko nang mahigpit si Nanay pag-uwi ko.